


MABILISANG GABAY SA

Pribasiya sa Impormasyon ng Estudyante

Para sa karagdagang impormasyon sa mga karapatan sa pribasiya at batas, at kung paano gagamitin ang iyong mga karapatan, makipag-ugnayan sa administrador ng iyong paaralan o bumisita sa:

bit.ly/FERPAHI

Ang brochure na ito ay isang pinakling bersyon ng Parent Notification & Guide to Student Information Privacy in Hawaii Public Schools at makukuha online sa bit.ly/FERPAguide o maaari kang kumuha ng hardcopy mula sa paaralan.



Ano ang FERPA?

Ang Family Educational Rights and Privacy Act (FERPA) ay isang pederal na batas na pumuprotekta sa mga personally identifiable information (PII) ng estudyante at anumang impormasyon na direktang may kaugnayan sa estudyante na pinananatili sa mga talaan ng edukasyon ng estudyante. Ang Mga Paaralan, Mga Tanggapan ng Mga Complex Area, Mga Tanggapan ng Distrito, at Mga Tanggapan ng Estado sa Hawaii State Department of Education (HIDEO) ay nagpapanatili ng impormasyon ng estudyante sa:

- papel na format, hal. naiipon, Espesyal na Edukasyon, at mga files ng Nag-aaral ng Wikang Ingles; at
- mga elektronikong format, hal. Longitudinal Data System, Student Information System, at electronic Comprehensive Student Support System.

Ang mga talaang ito ay maaaring maglaman ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan, mga form sa enrollment, mga report card, mga transcript, mga sulat disiplina, at higit pa. Kabilang sa PII ang anumang impormasyon na maiuugnay sa isang tiyak na estudyante, at pahihintulutan ang isang makatwirang tao sa komunidad na makilala ang estudyante.

Ang mga magulang, mga tagapangalaga, at mga karapat-dapat na estudyante (18 taong gulang pataas) ay maaaring:

- siyasatin at suriin ang talaan ng edukasyon ng estudyante sa pamamagitan ng pagsumite ng isang nakasulat na hiling sa punong-guro ng paaralan na tumutukoy sa (mga) tala na nais nilang siyasatin; hilingin ang pagbago sa talaan ng edukasyon ng estudyante upang itama ang mali o nakakalitong impormasyon, o itama ang isang paglabag sa karapatan ng estudyante sa pribasiya sa ilalim ng FERPA;
- magbigay ng nakasulat na pahintulot bago ilabas ng paaralan ang impormasyon na laman ng talaan ng edukasyon ng estudyante; at
- mag-file ng isang reklamo sa HIDEO at/o sa U.S. Department of Education hinggil sa di-umano'y pagkabigo ng paaralan na sumunod sa mga kinakailangan ng FERPA.

Ang mga magulang, mga tagapangalaga, at mga karapat-dapat na estudyante ay maaaring diretsong ipadala sa paaralan ang kanilang mga nakasulat na hiling kapag humuhiling na siyasatin, suriin o baguhin ang mga tala o kapag nagbibigay ng pahintulot na ilabas ang mga tala.

Sino ang responsable para protektahan ang mga impormasyon ng estudyante?

Dahil ang mga kawani at boluntaryo sa HIDEO ay maaaring makita ang impormasyon ng estudyante, maging sadya man o aksidente, lahat ng mga nasa tanggapan ng mga paaralan at ng HIDEO ay responsable sa pagprotektahan ng impormasyong iyon.

Sino ang maaaring mag-akses sa mga talaan ng edukasyon at PII ng estudyante?

Sa pangkalahatan, kailangang makuha ng HIDEO ang nakasulat na pahintulot mula sa magulang, tagapangalaga o karapat-dapat na estudyante upang maisiwalat ang PII o impormasyon mula sa talaan ng edukasyon ng estudyante a mga di-kawani ng HIDEO. Ang mga opisyal ng paaralan ay maaari, kung mayroon silang lehitimong pang-edukasyong interes o para tuparin ang kanilang propesyonal na responsibilidad, na magkaroon ng akses sa mga talang iyon na walang pahintulot. Ilang mga halimbawa:

- Upang suriin ang datos para mapabuti ang pagtuturo at pag-aaral;
- Upang pamahalaan ang mga operasyon ng HIDEO;
- Upang suriin ang estudyante, guro, paaralan at mga kinalabasan ng programa;
- Upang magbigay ng mga suporta o mga serbisyo sa mga estudyante, mga guro, at mga paaralan; at
- Upang siguruhin na tama ang mga tala.

Kailan hindi kailangan ang pahintulot para ilabas ang impormasyon ng estudyante?

Sa pangkalahatan, hindi maaaring ibahagi ang PII at impormasyon mula sa talaan ng edukasyon ng estudyante, subalit may ilang mga kaso kung kung saan pinahihintulutan ng mga regulasyon ng FERPA ang HIDEO na ibahagi ang mga tala kahit walang pahintulot. Ginagawa ng HIDEO ang lahat ng pagsisikap upang masiguro na ang pribasiya ng impormasyon ng estudyante ay protektado, at ipaalam sa magulang, mga tagapangalaga, at karapat-dapat na mga estudyante kapag ang impormasyon ay ibabahagi at kung bakit. Kabilang sa mga pinakakaraniwang sitwasyon ay:

— *Mga Opisyal ng Paaralan.* Ang mga indibidwal na itinalaga bilang mga opisyal ng paaralan ng HIDEO ay, kung mayroon silang lehitimong pang-edukasyong interes, tumanggap ng impormasyon ng estudyante nang wala ang pahintulot ng magulang, mga

tagapangalaga, at karapat-dapat na mga estudyante. Hinihikayat ng HIDEO ang kawani sa ating mga pampublikong paaralan na ibahagi ang mga datos ng estudyante sa mga katrabaho upang magsagawa ng mga pagsusuri ng mga programa at pagganap ng mga estudyante upang mapabuti ang mga kalalabasan at mga oportunidad para sa mga estudyante.

- Ang isang pisyal ng paaralan ay isang tao na nagtatrabaho para sa paaralan bilang isang administrador, tagapamahala, tagapagturo o miyembro ng kawani sa suporta, mga taong nagtatrabaho sa Hawaii State Department of Health na naglilingkod sa mga estudyante, o isang tao na nagtatrabaho sa board ng paaralan. Ang isang opisyal ng paaralan ay maaari ring isama ang isang boluntaryo o kontratista sa labas ng paaralan na nagsasagawa ng isang pang-institusyong serbisyo o tungkulin kung saan ang paaralan ay hindi gagamitin ang sarili nitong mga empleyado at ay nasa ilalim ng direktang kontrol ng paaralan pagdating sa paggamit at pagpapanatili ng PII mula sa mga talaan ng edukasyon; isang magulang o estudyante na nagboboluntaryo upang maglingkod sa isang opisyal na komite ng paaralan; o isang magulang, estudyante o iba pang mga boluntaryo na tumutulong sa ibang opisyal ng paaralan sa pagpapatupad ng kanyang mga gawain. Ang isang opisyal ng paaralan ay may isang lehitimong pang-edukasyon na interes kung ang opisyal ay kailangang suriin ang isang talaan ng edukasyon upang matupad ang kanyang mga propesyonal na pang-edukasyong responsibilidad.

— *Direktoryo ng Impormasyon.* Maaaring italaga ng HIDEO ang ilang impormasyon bilang Direktoryo ng impormasyon, na maaaring ilabas nang walang pahintulot, maliban kung ang magulang, tagapangalaga, o karapat-dapat na estudyante ay humiling na ang impormasyon ay huwag ibahagi - ang kahilingang ito, kung minsan, ay tinatawag na isang kahilingang pag "opt out". Ang Pagpapalabas ng Direktoryo ng Impormasyon ay hindi itinuturing na nakakasama o pagsalakay sa pribasiya.

Ang direktoryo ng impormasyon ay kadalasang ginagamit sa mga lathala ng paaralan, tulad ng:

- Isang poster na nagpapakita ng papel ng estudyante sa isang produksyon ng drama;
- Ang taunang yearbook;
- Honor roll o iba pang mga listahan ng pagkilala;
- Mga programa ng pagtatapos; at
- Mga tala ng aktibidad sa palkasan, gaya ng sa wrestling, na nagpapakita ng bigat at taas ng mga miyembro ng koponan.

Itinalaga ng HIDEO ang sumusunod na impormasyon bilang direktorya ng impormasyon:

- Pangalan ng estudyante;
- Address
- Numero ng telepono
- Petsa at lugar ng kapanganakan
- Mga petsa ng pagpasok (hal. petsa ng enrollment/withdrawal)
- Lebel (klase) ng grado
- Pagsali sa mga opisyal na kinikilalang mga aktibidad at palakasan
- Bigat at taas ng mga miyembro ng koponan sa palakasan
- Mga gantimpalang natyanggap, kabilang ang mga karangalan at mga Sertipikasyon ng Pagkumpleto (hal. diploma)
- Ang pinakabagong kamakailan lamang na dating aheniya ng edukasyon, institusyon, o paaralan na pinasukan
- Petsa ng pagtatapos

Kung ang magulang, tagapangalaga, o karapat-dapat na estudyante ay nagsumite ng isang nakasulat na kahilingan para sa di-pagsisiwalat, kung minsan ay tinatawag ding "opt out", hindi maaaring isiwalat ng HIDEO ang anuman o bahagi ng direktoryo ng impormasyon ng estudyante ayon sa hiling sa di-pagsisiwalat. Tatanggapin ng paaralan ang isang nalagdaan at napetsahan na sulat mula sa magulang, tagapangalaga, o karapat-dapat na estudyante. Ang higit pang impormasyon tungkol sa Direktoryo ng Impormasyon at kung paano mag-opt out ay makukuha online sa bit.ly/hidoedirectoryinfo o kung nais mong makakuha ng isang hardcopy, mangyaring makipag-ugnayan sa paaralan .

- *Paglipat ng Mga Talaan ng Edukasyon.* Maaaring isiwalat ng HIDEO ang mga talaan ng edukasyon sa ibang paaralan o institusyon matapos ang sekondarya kung saan ang estudyante ay naghahangad o nagnanais na mag-enroll o lumipat, kung ang pagsisiwalat ay para sa mga layunin ng pag-enroll o paglipat ng estudyante.
- *Kalusugan o Emerhensiya sa Kaligtasan.* Maaaring isiwalat ng HIDEO ang impormasyon mula sa talaan ng edukasyon upang protektahan ang kalusugan o kaligtasan ng mga estudyante o iba pang mga indibidwal sa kaganapan ng isang nalalapit o aktwal na emerhensiya o natural na sakuna.
- *Mga Ahensyang Estado at Pederal.* Maaaring ilabas ng HIDEO ang mga talaan ng edukasyon sa mga awtorisadong kinatawan ng Heneral na Comptroller ng Estados Unidos, Abugado Heneral, o Kalihim. Maaari ring ilabas ng HIDEO ang talaan ng edukasyon sa mga awtoridad pang-estado at pang-edukasyon.
- *Mga Awdit, Akreditasyon, Pag-aaral at Pagsusuri.* Ang isang indibidwal, kumpanya, o organisasyon na nagsasagawa ng isang pag-awdit, mga gawaing akreditasyon, pag-aaral o pagsusuri sa ngalan ng HIDEO ay maaaring makatanggap ng impormasyon mula sa mga talaan ng edukasyon ng estudyante kung gagamitin lamang nila ang impormasyon para sa isang tukoy na layunin, at hindi maaaring gamitin muli ang impormasyon na iyon o ibahagi ito sa isa pang indibidwal, kumpanya, o organisasyon. Maaari rin nilang gamitin ang impormasyong iyon para sa mga layuning pagmemerkado.

Ano ang Protection of Pupil Rights Amendment (PPRA)?

Binibigyan ng PPRA ang mga magulang ng ilang mga tiyak na karapatan tungkol sa aming pamamalakad sa mga sarbey, pagkolekta at paggamit ng impormasyon. kabilang ngunit hindi limitado rito ang karapatang:

1. Pahintulot bago gawin ng estudyante ang isang sarbey na may kinalaman sa isa o higit pa sa mga sumusunod na mga protektadong lugar kung ito ay sinusuportahan ng U.S. Dept. of Education:
 - Mga kaugnayan pampulitika o mga paniniwala ng estudyante o magulang ng estudyante;
 - Mga problemang pang-kaisipan o sikolohikal ng estudyante o ng pamilya ng estudyante;
 - Sekswal na pag-uugali o mga saloobin;
 - Illegal, antisosyal, nagdadawit sa sarili, o di-marangal na pag-uugali;

- Kritikal na pagtasa ng iba kung saan ang sumasagot ay may malapit na relasyong pang-pamilya;
 - Legal na kinikilalang may pribilehiyong mga relasyon, gaya ng sa mga abogado, mga doktor, o mga ministro;
 - Relihiyosong mga kasanayan, mga kaugnayan, o mga paniniwala ng estudyante o magulang ng estudyante; o
 - Kita, maliban kung kinakailangan ng batas upang matukoy ang pagiging karapat-dapat sa programa.
2. Tumanggap ng mga abiso at ng pagkakataon na i-opt out ang isang estudyante sa:
- Iba pang mga sarbey sa protektadong impormasyon, nang hindi alintana ang pagpopondo;
 - Anumang di-emerhensiya, invasive na pisikal na eksaminasyon o pag-screen na kinakailangan bilang kundisyon ng pagdalo, na pinangangasiwaan ng paaralan o ng ahente nito at hindi kinakailangan upang protektahan ang agarang kalusugan at kaligtasan ng isang estudyante, maliban kung para sa pandinig, paningin, o pag-screen sa scoliosis, o anumang pisikal na eksaminasyon o pag-screen na pinahihintulutan o kinakailangan sa ilalim ng batas ng Estado; at
 - Mga Aktibidad na may kasangkot na koleksyon, pagsisiwalat, o paggamit ng personal na impormasyon na nakuha mula sa mga estudyante para sa pagmemerkado o pagbenta o kung hindi man ay ipamahagi ang impormasyon sa iba.
3. Siyasatin, kapag hiniling at bago ang administrasyon o paggamit:
- Protektadong mga sarbey ng impormasyon ng mga estudyante, na nilikha ng isang ikatlong partido;
 - Mga Instrumentong ginagamit upang mangolekta ng personal na impormasyon mula sa mga estudyante para sa anuman sa mga nasa itaas na pagmemerkado, pagbebenta, o iba pang mga layunin ng pamamahagi; at
 - Mga materyales sa pagtuturo na ginamit bilang bahagi ng pang-edukasyong kurikulum.

Aabisuhan ng HIDEO ang magulang ng mga estudyante na naka-iskedyul na lumahok sa tiyak na mga gawain o mga sarbey na kasangkot ang isa o higit pa sa mga protektadong lugar na nakalista sa itaas at magbibigay ng pagkakataon sa mga magulang upang i-opt out ang kanyang anak sa paglahok.

Ang abiso para sa mga Karapatan Sa ilalim ng PPRA ay matatagpuan sa bit.ly/hidoeppra o sa pamamagitan ng pagkontak sa tanggapan ng paaralan

Paano Maghain ng Reklamo:

Ang mga magulang na naniniwala na ang kanilang mga karapatan ay nilabag sa ilalim ng FERPA o PPRA ay maaaring magsampa ng reklamo sa:

DOE NG ESTADO sa pamamagitan ng koreo:
 Data Governance and Analysis Branch
 Kagawaran ng Edukasyon
 P.O. Box 2360
 Honolulu, Hawaii 96804

DOE NG ESTADO sa pamamagitan ng email:
 Ang isang reklamo ay maaari ring ihain nang elektroniko sa pamamagitan ng email, sa FERPA@k12.hi.us.

Ang mga magulang ay maaari ring magsampa ng reklamo sa tanggapan ng U.S. Department of Education na nangangasiwa sa FERPA:

FEDERAL NA DOE sa pamamagitan ng koreo:
 Family Policy Compliance Office
 U.S. Department of Education
 400 Maryland Avenue,
 SW Washington, DC 20202-5901

Paano ginagamit ng HIDEO ang datos ng estudyante upang magpabuti?

Ibinabahagi ng HIDEO ang impormasyon ng estudyante sa lahat ng mga paaralan sa estado upang suriin at mapabuti ang pagtuturo, at sa gayong paraan ay magbigay ng mas mahusay na mga oportunidad pang-edukasyon at kalalabasan para sa mga estudyante. Ang pamamahaging ito ay maaaring gawin sa ilang mga paraan:

- Ang nakaraang kasaysayan ng estudyante ay ibinabahagi "pasulong" sa mga opisyal ng paaralan sa paaralan at Complex Area na kung saan siya ngayon naka-enroll o nagnanais na mag-enroll. Sinisiguro nito na ang mga pangangailangan ng estudyante ay makakamit sa kabila ng kanyang paglipat. Ang prosesong ito ay tumutulong para mapagplanuhan ng mga paaralan ang papasok na mga estudyante.
- Ang mga datos sa mga kasalukuyang estudyante ay ibinabahagi "pabalik" sa mga opisyal ng paaralan sa paaralan at Complex Area kung saan ang estudyante ay nag-aaral sa nakaraang mga taon upang pahintulutan ang mga opisyal ng paaralan na matuto upang mapag-isipan ang mga patakaran at kasanayan na maaaring nakaapekto sa mga kinalabasan ng isang partikular na estudyante.